



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 4

Pebrero 21, 2006

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Panghawakan ang mga aral ng EDSA 1 at 2

Ginugunita ngayong Pebrero 20 ang ika-20 anibersaryo ng unang pag-aalsa sa EDSA—ang pag-aalsang nagwakas sa mahigit dalawang dekadang paghahari ng pasistang diktador na si Ferdinand Marcos at tumapos sa 14 na taon ng batas militar. Ito ang pag-aalsang hantungan ng mahigit isang dekadang pakikibaka at sakripisyo, ng masikhay na pagmumulat at pag-oorganisa at pagbu-buo ng malawak na nagkakai-


sang prente laban sa papet at pasistang diktadura.

Nakatala na sa kasaysayan ng Pilipinas ang kahalagahan ng EDSA 1. Ang diwa nito ng tapang, militansa at sama-samang paglaban ay palagian nang tangan ng mamayang Pilipino bilang sandata sa pagharap nila sa mga rehimeng yumuyurak sa kanilang interes at kapakanan. Ang diwa ring ito ang nasa likod ng EDSA 2, at siya ring nasa likod ng kasalukuyang pag-sisikap ng mamayang na wakasan ang kinamumuhian nilang rehimeng Arroyo.

Kaya naman pilit na minamalit ng rehimeng Arroyo ang paggunita sa ika-20 anibersaryo ng EDSA 1. Isang pakitang-taong seryonya lamang ang plano nitong idaos. Atubili itong binalak ng Malakanyang matapos

batikusin ng marami ang kawalan nito ng anumang planong gunitain ang anibersaryo ng EDSA 1.

Hindi na ito dapat pagtakhan. Bangungot ni Gloria Arroyo ang nagbabadyang muling pagdaluong ng milyong mamamayan sa lansangan sa isang malakihang pagkilos na magwawakas sa bulok, papet at brutal niyang paghahari. Kaya pilit niyang binubura sa isip ng mamamayan ang diwa at kabuluhan ng EDSA 1, maging ng EDSA 2 na kanyang napakinabangan. Sa tangkang tabunan ang mga aral kapwa ng EDSA 1



Mga tampok sa isyung ito...

Panibagong sikad ng lumalawak na kilusang talsik

PAHINA 3

40 armas nasamsam ng BHB

PAHINA 7

Anti-imperialismo sa Venezuela

PAHINA 10

at EDSA 2, bilyun-bilyong pisong pondo ang inilaan ni Arroyo para "paghilumin ang mga sugat" nito.

Subalit ang mga aral ng EDSA 1 at EDSA 2 ay di matatabunan ng mga hungkag na pasiklab ni Arroyo. Mulat ang mamamayan sa kawastuan at patuloy na kabuluhan ng mga ito sa kasalukuyan.

Una, upang magkamit ng mga makabuluhang pagbabagong panlipunan, pinakamabisang sandata ang direktang pagkilos ng mamamayan sa lansangan kumpara sa iba pang anyo ng ligal na pagkilos na ipinahihintulot ng umiiral na reaksyunaryong estado. Bagaman hindi nito magagawang baguhin ang mismong mapang-api at mapagsamantalang sistemang panlipunan, kaya nitong yanigin nang husto ang naghaharing sistemang pampolitika, magkamit ng signipikanteng mga konsesyon para sa mamamayan at pabagsakin ang isang naghaharing pangkatin.

Ikalawa, sa bawat matagumpay na pag-aalsang bayan, nakatitipon ng karanasan at tiwala sa sarili ang mamamayan para tuluy-tuloy pa nilang maitaas ang antas ng kanilang pagkilos at makapagkamit ng papalaki pang mga

tagumpay para sa ikabubuti ng masa ng sambayanan, laluna ng higit na nakararaming anakpawis. Tuntungan ito para sa pagsusulong ng higit na militante at mas abanteng porma ng pakikibakang bayan na lalahukan ng paparaming mamamayan.

Ikatlo, bukod sa daluyong ng hayag na kilusang masa at malawak na nagkakaisang prente ng mamamayan at iba pang mga positibong pwersa, salik din sa tagumpay ng EDSA 1 at EDSA 2 ang pagbalang ng suporta rito mula sa makabuluhang bahagi ng sandatahang pwersa ng estado. Sa gayong paraan, binabali ang isa sa mga pangunahing haligi ng naghaharing rehimeng ipinagkakait dito ang isa sa mga pangunahing instrumento ng kalupitan at panunupil laban sa mamamayan. Sa hinaharap, lalaki ang pangangailangan sa mga sandatahang pwersang hawak mismo ng mamamayan. Itinuturo ng karanasan ang kawastuan at pangangailangan ng kumbinasyon ng ligal-parliamentaryong pakikibaka at armadong pakikibaka para tuluy-tuloy na makapagkamit ng mga tagumpay hanggang maging ganap ang

tagumpay ng mamamayan.

Ikaapat, itinuturo rin ng mga karanasan ng EDSA 1 at EDSA 2 na hindi sasapat na magkaroon lamang ng mabababaw, bahaga, mabuway at pansamantalang pagbabago na muling masasapawan ng pamamayagpag ng mga di na-wawalang salot sa umiiral na sistemang panlipunan. Sa muling pagsambulat ng pag-aalsang bayan, tiyak na lalakas ang pananawagan ng mamamayan para sa mas masaklaw na demokrasya at kalayaan sa sistemang pampolitika at ekonomya. Ibayong lumilinaw sa kanila na hindi maaaring tumigil ang pakikibakang masa hangga't hindi nakakamit ang ganap na tagumpay at ang pagbabago ng buong sistema.

Muli ay mayroon na namang reaksyunaryong pinunong labis na nahihiwalay at sukdulang kinamuhiang mamamayan. Wala siyang pakundangang gumagamit ng panunupil at panlilinlang para makapangunyapit sa poder.

Sa kabilang tuluy-tuloy na panunupil ng rehimeng Arroyo, hindi nito nahahadlangan ang patuloy na pagsulong ng mga protesta ng mamamayan. Kailangan ng paulit-ulit na pagsusulong ng mga pakikibakang masa kakumbinasyon ang iba pang paraan ng pakikibaka hanggang magdaluyong ang mga ito sa antas na di na kayang pigilin ng mga instrumento ng panunupil ng rehimeng.

Sa harap ng mabilis na umiigting na krisis pampolitika at lalo pang pagkakahiwatalay ng rehimeng Arroyo, ng matarik na pagbulusok ng ekonomya at lumalakas na sigaw ng bayan na wakasan na ang bulok, papet at brutal na paghahari ni Arroyo, napapanahong muli na maglunsad ng malawakang pag-aalsang bayan.

Pursigido ngayon sa pagbubuk-

"Editoryal...," sundan sa pahina 3

ANG BAYAN Pebrero 21, 2006

ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 4 Pebrero 21, 2006

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Panghawakan ang mga aral ng EDSA	1
Panibagong sikad ng kilusang talsik	3
Bulok ang Cha-cha	5
Kaugnay sa landslide sa Leyte	6
Matatagumpay na TO	7
40 armas nasamsam ng BHB	
Mga opensiba sa NEMR	
Pambobomba ng mga sibilyan	8
OCW remitans	10
Anti-imperialismo sa Venezuela	11
Sino si Hugo Chavez	12
Balita	13

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Panibagong sikad ng lumalawak na kilusan para patalsikin si Arroyo

Nagkakandarapa ngayon si Gloria Macapagal-Arroyo sa harap ng ipinakikitang pagkakaisa ng mga progresibo at militanteng organisasyon, ng mga panggitnang pwersa at maging ng mga reaksyunaryong anti-Arroyo at pagtitipon nila ng lakas upang ilunsad ang mga demonstrasyon sa lansangan.

Isang malaking demonstrasyon ang ilulunsad sa Pebrero 24 para gunitain ang ika-20 aniversario ng EDSA 1 at lalo pang paitigtingin ang panawagan para patalsikin si Arroyo sa Malakanyang. Sa araw na ito, magmamartsa ang iba't ibang grupo mula sa iba't ibang sentro ng Metro Manila tungong Liwasang Bonifacio sa Maynila.

Inaasahang mapapantayan o malalagpasan pa ng nakatakdang demonstrasyon sa Pebrero 24 ang malalaking demonstrasyon noong nakaraang taon. Ibayong mas mahigpit na pagkakaisa ang ipinakikita ngayon ng mga pangunahing pwersang anti-Arroyo kumpara sa nakaraan.

Nitong Pebrero 14, nagpakita at nagpahayag ng pagkakaisa si dating Pangulong Joseph Estrada at dating Bise Presidente Teofisto Guingona para sa pagpapatalsik kay Arroyo. Matatandaang ang talumpati noon ng dating Senador Guingona ang siyang nagbunsod ng paglulunsad ng kasong *impeachment* laban kay Estrada. Nitong Pebrero 16, binasa ni Guingona ang upisyal na pahayag ng malawak na Bukluran para sa Katotohanan. Aniya, lubos ang kapasyahang gamitin nila ang "people power" laban sa mga gumagamit ng kapangyarihan upang "magsinungaling, mandaya at magnakaw".

Dagdag ni Guingona, ang kabu-

luhan ng pag-aalsa noong 1986 ay nagpapatuloy laban sa "mga tumalikod rito, sa mga yumurak nito at sa mga sumisikil nito." Iginiit ng Bukluran na wakasan na ang di lehitimong paghahari ni Arroyo at pagkatapos na maibagsak ito ay itatag ang isang transisyunal na konseho na siyang magpapatakbo sa bansa.

Sa layuning matibag ang humihigpit na pagkakaisa ng malawak na oposisyon sa kanyang rehimeng Estrada, tinarget ni Arroyo na paamuin si dating presidente Joseph Estrada sa pamamagitan ng pag-alok sa kanya ng "pansamantalang kalayaan" habang dinidinig ang kanyang kasong pandarambong sa Sandiganbayan. Subalit hindi kinagat ni Estrada ang alok na ito ng Malakanyang. Tinutulan maging ng Sandiganbayan ang pag-aalok na ng Malakanyang kay Estrada at sinabing ito ay panghihimasok at pang-iimpluwensya sa takbo ng kaso.

Paglaban sa loob ng militar. Labis ding ikinababala ni Arroyo ang sumisiglang pagkilos ng mga upisyal at sundalang lumalaban sa kanyang rehimeng Estrada at ang

"Talsik...," sundan sa pahina 4



"Editorial...," mula pahina 2

Iod ang malawak na hanay ng mga pwersang anti-Arroyo, kabilang ang mga progresibong organisasyon, mga partidong oposisyunita at mga disgustado at naliliwanagang elemento sa loob ng reaksyu-

naryong militar at pulisia para makalikha ng unos ng protestang yayanig sa naghaharing pangkatin at tuluyang magpapatalsik kay Arroyo sa Malakanyang.

Determinado silang bigyang-katapusang kahungkagan, kabulukan at kalupitan ng

kasalukuyang papet na rehimeng Estrada. Nagawa ito laban sa diktadurang Marcos noong 1986. Nagawa itong muli laban sa bulok na rehimeng Estrada noong 2001. At di kaluanan, muli itong magagawa laban sa mandaraya, bulok at brutal na rehimeng US-Arroyo.

"Talsik...," mula pahina 3

lantarang pananawagan sa AFP na kumilos at talikuran si Arroyo.

Litaw ang laganap na pagkali-galig ng militar at pulis sa pag-susuot ng iba't ibang pulang damit ng karamihang dumalo sa Philippine Military Academy Alumni Homecoming nitong Pebrero 18 sa Fort Del Pilar, Baguio City. Ipinapakita rito kung gaano kalawak ang sumusuporta sa adhikain ng mga patriyotiko at progresibong grupo tulad ng "Magdalo" at iba pang grupong anti-Arroyo sa loob ng militar at pulis. Marami sa mga dumalo sa pagtitipon sa PMA ang nagtali ng pulang bandana sa kanilang mga sumbrero o nagsuot ng mga pulang sumbrero o kamiseta.

Napabalitang ang apat na sundalong "Magdalo" na nakatakas noong Enero 17 ay neroon mismo sa pagtitipon sa PMA, tanda ng suporta sa kanila ng maraming kapwa nila sundalo at upisyat.

Sa mga daan patungong Baguio City, nakasabit ang mga istrimer na nananawagan sa mga upisyat mula sa PMA na manindigan at kumilos. Nakasulat sa isang istrimer na "Sa aking mga mistah, *upperclass and underclass*, ang mga linya ay naiguhit na sa pagitan ng tama at mali; ng katotohanan, kasinungalingan at katarungan at pang-aabuso. Saan ka lulugar?"

Nakatakdang dumalo si Arroyo sa taunang pagdiriwang na ito kung saan nagtitipun-tipon ang mga aktibo at retiradong mga upisyat ng militar at pulis na nagtagpos sa pangunahing pampublikong paaralang militar ng bansa. Nitong mga huling buwan at linggo ay panay ang dalaw ni Arroyo sa mga kampo ng militar o pulis upang ipakitang tapat sa kanya ang buong sandatahang lakas. Ngunit kinansela niya ang pagdalo rito nang ibunyag nitong Pebrero

16 ang plano umanong kudeta na pinangalanang "Oplan Hackle." Bagaman wala namang nangyaring aksyon sa okasyong iyon, tiyak na malaking kahihyan ang aabutin ni Arroyo kung nakadalo siya roon.

Kung tutuusin, hindi lamang kahihyan, kundi labis na pagkatok ang bumabalot kay Arroyo sa harap ng mabilis na lumalagan-ap na pag-oorganisa at paglaban sa hanay ng mga kasundaluhan. Nagkaroon ng malakas na ugong kaugnay ng rekrutment ng mga sundalo at pulis para labanan ang rehimeng. Muling nagdeklara ng *red alert* ang AFP at PNP sa Metro Manila at dinagdagan ng mga pwersang panseguridad ang Malakanyang kabilang ang anim na tangkeng Simba mula pa sa Tarlac. Pagkatapos maliitin ang impluwensya ng grupong "Magdalo," napilitan ngayong aminin ng Malakanyang na may malakas na simpatiya ang rebeldeng grupo sa hanay ng kasundaluhan.

Noong Pebrero 13, bisperas ng bista ng mga akusadong sundalong

sangkot sa protestang Oakwood noong Hulyo 2003, nagpalabas ng pahayag ang apat na nakatakas na lider ng Oakwood na nanawagan sa mamamayang humugos na sa kalsada at ipakita ang malawakang disgusto sa di lehitimong presidente at kanyang gubyernong talamak sa korapsyon. Hinikayat nila ang kapwa sundalong magsuot ng pulang *armband* bilang protesta sa tiwaling gubyerno.

Kinabukasan, isang rali ang ginanap sa labas ng Makati Regional Trial Court kung saan binibista ang humigit-kumulang 300 mga nakakulong na sundalong "Magdalo." Nagpakat ng 400 sundalo ang AFP upang magbantay. Sa kabilang nito, tahasang sinuway ni 1Lt. Francisco Ashley Asedilo ng Philippine Air Force ang babala ng AFP laban sa pagpapainterbyu sa midya at namahayag doon mismo sa bista at pagkatapos ay ipinuslit sa midya ang isang maikling pahayag kasama ang panyong may simbolo ng mga nag-alsa sa Oakwood at islogang "Bayan ko, ituloy ang laban."

AB

Arroyo, takot sa "people's power"

Sa sobrang takot ni Arroyo sa "people power," sinikap niyang mag-takda ng "state visit" sa US sa panahon ng ika-20 anibersaryo ng EDSA 1. Hindi pinaunlakan ni Pres. George W. Bush ang pag-iimbita ni Arroyo sa sarili. Kaya naman kinansela na lang din ang isinasaayos sana ni National Security Adviser Noberto Gonzales at Venable LLP na pakikipagpanayam kay Arroyo ng National Press Club sa Washington D.C. sa Pebrero 21. Sinubukan niyang imbitahan ang sarili sa Saudi Arabia—subalit wala ring panahon ang Hari para sa kanya. Bigung-bigo rin ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang Spain at Australia na para bang siya'y pinandidirihan.

Para lang makaiwas na abutan siya ng anibersaryo na nasa kabise-ra ng bansa, nagtakda na lamang si Arroyo nitong huli ng pagbisita sa Boracay, Cebu, Cavite at Bulacan. Simple lamang ang dahilan ng kanyang pag-iwas—hindi siya komportableng makasama sa entablado si dating presidente Corazon Aquino na sa ngayon ay patuloy na nananawagan para sa kanyang pagbibitiw. Hindi lamang iyon. Laking takot lang ni Arroyo na humarap sa libu-libong magtitipun-tipon sa selebrasyong ito na tiyak na sisigaw ng "Gloria Resign!"

AB

Bakit bulok at mapaminsala sa mamamayan ang pakanang *Cha-cha* nina Arroyo at de Venecia*

Bulok at lubhang mapaminsala sa mama-mayan ang pakana nina Gloria Macapagal-Arroyo at Speaker Jose de Venecia na amyendahan at palitan ang konstitusyon ng reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na nabuo noong 1987.

Di lamang nagsisilbi sa pam-pulitikang kasakiman nina Arroyo at de Venecia ang mga mungkahing amyenda, komprehensibo pa nitong inaatake ang mga pambansa at demokratikong karapatan ng mamayang Pilipino.

Kunwa'y nais lang palitan ang forma ng gubyerno mula presidensyal tungong parlamentaryo, tulad ng pagkukuwari rin noon ni Marcos. Ngunit ang tunay na layunin nito ay gamitin ang tinatawag na *transitory provisions* para makapamatili si Arroyo sa poder bilang awtoratikong presidenteng ala-Marcos na may kontrol sa sangay ng ehekuibo at sa isang bogus na parlamentong nakapailalim sa isang maamong *prime minister*.

Sisikilin o babagbagin ang mga kalayaang sibil at pampolitika at tatanggalin o aamyendahan ang kasalukuyang mga limitasyon sa pagdedeklara ng batas militar at *emergency rule* at sa mga paglabag sa karapatang-tao para bigyang-daan ang lantad na anti-demokratikong paghahari sa ngalan ng pambansang seguridad at ng "gera laban sa terorismo" na itinutulak ng US.

Ibabasura ang karapatan ng mamayang Pilipino sa soberanyang pang-ekonomya at pambansang patrimonya alinsunod sa imberyalistang "globalisasyon" sa pamamagitan ng pagtatanggal sa ilian na nga lang na nalalabing re-



nila mapasusunod ang Senado sa kanilang kagustuhan.

Kapag natupad ang taksil at pasistang pakanang *Cha-cha* nina Arroyo at de Venecia, lalo lamang nilang maitutulak at mauudyukan ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino na paigtingin ang kanilang rebolusyonaryong paglaban. Magiging imposible na ang muling pagbubukas ng formal na usapan sa negosasyong pangkawayapaan ng GRP at NDFP dahil matatabunan na ng pakanang *Cha-cha* ang substantibong negosasyon tungkol sa mga panlipunan, pang-ekonomya at pampolitikang reporma para sa kapakinabangan ng mamayang Pilipino.

Sa harap ng malademonyong pakanang *Cha-cha* nina Arroyo at de Venecia, lalong pinaiigting ng malawak na masa ng sambayanang at ng malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko at progresibong pwersa ang kanilang mga pagsisikap na pabagsakin ang rehimeng Arroyo. Nagngingitngit sila sa garapalang pagtatangka ng rehimeng ilhiis ang atensyon ng mamayan sa di nito pagiging lehitimo, sa mga krimen nito at sa mga pagsisikap nitong manatili sa poder sa pamamagitan ng pakanang *Cha-cha*. **AB**

*Isinulat ni Kasamang Jose Ma. Sison, isinalin mula sa orihinal na Ingles

Kaugnay sa landslide sa Southern Leyte

Nakikidalamhati ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang buong rebolusyonaryong kilusan sa pagkamatay ng mahigit 1,000 katao sa St. Bernard, Southern Leyte nang maguhuan ng lupa ang buong barangay ng Ginsaugon noong umaga ng Pebrero 17. Matapos ang ilang araw nang pag-uulan, bumagsak ang isang malaking tipak ng katabi nitong bundok at natabunan ng rumaragasang putik, tubig at naglalakihang bato ang mga bahay at sakanhan sa baryo at pati na ang eskwelahang elementarya, *barangay hall* at kapilya.


Nananawagan ang Partido sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa, laluna sa Bagong Hukbong Bayan at mga demokratikong organisasyon sa Southern Leyte na tumulong sa abot ng kanilang makakaya sa mga nabiktima ng sakuna. Magbalangkas din ang komite ng Partido sa Eastern Visayas ng plano kung papaano mamomobilisa ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayanang nasasaklawan nito upang makapagpalitaw ng rekseso at makapagbigay ng iba pang makakayanang tulong sa mga sinalanta ng *landslide*.

Muli, pinatampok ng trahedyang ito ang laki ng salantang idinudulot ng kasakiman ng mga malaking dayuhang kumpanya sa pagmimina at pagtotroso di lamang sa kapaligiran kundi sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Partikular sa St. Bernard at mga karatig-bayan, ilang dekada nang kalbo ang kagubatan nito at malaon nang inabanduna ng mga kumpanya ng *logging* ang lugar dahil wala nang mapakinabangang troso. Matapos huthutin ang kaya-manang-gubat, wala ni isa sa mga sakim na nakinabang dito ang gu-mawa ng anumang hakbang para sa *reforestation*. Dahil dito, paulit-ulit ang malalaking trahedyang ito sa isla ng Leyte na dulot ng pagkakahawan ng gubat. Mula nang maganap ang malaki at biglaang pagbaha sa Ormoc City, Leyte noong Nobyembre 1991 na ikinamatay ng umabot sa 6,000 katao, apat na beses nang

nagkakaroon ng pagguho o pagbaha sa isla na ikinamatay na ng libu-libong mamamayan.

Nang maganap ang malawakang pagbaha at pagguho rin ng lupa sa hilagang Quezon at Aurora na kumitil sa buhay ng umabot sa 2,000 katao noong huling bahagi ng 2004, lalo pang lumakas ang panawagang ipatigil na ang operasyon ng malalaking minahan at trosohan na siyang responsible sa walang pakundangang pangwawasan sa kapaligiran na nagiging dahilan ng maraming sakuna. Sa kabilang nito, pinag-ibayo pa ng rehimeng Arroyo ang pangangampanya para sa pagpalawak ng operasyong pagmimina sa bansa. Pinahintulutan din nitong magtroso muli ang San Jose Timber Corp. sa kagubatan ng Samar bilang pampolitikang konsesyon sa may-ari nitong si Sen. Juan Ponce Enrile.

Pinatutunayan lamang nito na sa halip na kagalingan ng mamamayan ang unahin nito, nagsisilbi pang kinatawan ng pinakamalalaking mandarambong at tagahuthot ng likas na yaman at pambansang patrimonya ng Pilipinas ang rehimeng Arroyo. Minomobilisa pa ng rehimeng sandatahang lakas nito upang magsilbing protektor ng interes ng mga dayuhan at malalaking komprador at supilin ang protesta ng mamamayan. Kriminal na pananagutan ng rehimeng Arroyo ang paghihikayat sa malawakang kommer-



syal na dayuhang pagmimina at pagtotroso sa kabilang paglapastangan nito sa pambansang patrimonya, pangwawasan nito sa kapaligiran at pagdadala ng panganib sa buhay at kabuhayan ng mga Pilipino. May mabigat ding responsibilidad ang rehimeng malubhang kakulangan ng epektibong mga kagamitan at pasilidad para makatugon sa ganitong mga sakuna dahil mas pinipili ni Arroyo na ilaan ang pinakamalaking rekursong bayan sa mga gastusing militar at pagbabayad ng utang.

Lubos na sinusuportahan ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang panawagan ng demokratikong kilusang masa na itigil ang pangangayupapa ng rehimeng US-Arroyo sa mga interes ng malalaking dayuhang kapitalista at mga lokal na alipures nila at ang walang habas na pandarambong at pangwawasan ng mga ito sa kapaligiran. Gagawa rin ng karampatang mga aksyon ang BHB, ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampolitika at ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa para suportahan ang paglaban ng mamamayan at ipatupad ang mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa pangangalaga sa kapaligiran. AB



40 armas, nasamsam ng BHB

Cavinti, Laguna. Walang putok na napasok at nagapi ng isang pinaliit na platun ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa Cavinti, Laguna nitong Pebrero 18.

Dumating sa istasyon ng pulis ang 20 mandirigma bandang 1:30 ng hapon sakay ng dalawang pam-pasaherong dyip. Nagpanggap silang mga elemento ng AFP kaya mabilis nilang napasok at nadis-armahan ang istasyon. Hindi na nakapanlaban ang mga pulis. Nakasamsam ang mga mandirigma ng 12 M16, limang pistola, limang *cell-phone* at iba pang gamit militar.

Mankayan, Benguet. Dalawampu't tatlong armas na iba't iba ang kalibre ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan-Benguet nang salakayin nila ang detatsment ng 54th IB at CAFGU sa Barangay Cabiten sa bayan ng Mankayan noong Pebrero 10. Kabilang dito ang apat na M16, isang M203, pitong M14 at 11 garan. Nakasamsam rin ng maraming bala at bakpak. Dalawang sundalo at isang elemento ng CAFGU ang namatay sa reyd.

Sa isang pahayag, sinabi ni Seyang Rayos, tagapagsalita ng Jennifer Maria Cariño Command (JMCC)


na ang reyd ay tugon sa panawagan ng Partido na patindihin ang mga taktikal na opensiba bilang ambag ng BHB sa pagpapatalsik kay Arroyo. Aksyong pamarusa rin ito, aniya, laban sa yunit militar na ginagamit ng Lepanto Mining Corp. sa pagsasamantala at pang-aapi sa masang anakpawis sa Mankayan at mga karatig nito, at kabayaran para sa mga utang na dugo ng pasistang kaaway sa masa at rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga elemento ng 54th IB at CAFGU sa detatsment sa Cabiten ang salarin sa pananakot at pangharas sa mga minoryang lumalaban para sa kanilang lupang ninuno, mga karapatan at kaligtasan ng kapaligiran. Kabilang dito ang brutal na pagsupil sa makatarungang pakikibaka ng mga taga-Colalo laban sa pagtatayo ng Tailings Dam 5A at ng mga taga-Bulalacao sa pang-aagaw ng Lepanto sa kanilang lupa para mapalawak ang pagmimina nito.

Kasama ang PNP-Mankayan at 1604th PNP Provincial Mobile Group, ang yunit na ito rin ang malupit na bumuwag sa piketlayn ng mga nagwewelgang manggagawa ng Lepanto Mines mula Hunyo-Setyembre 2005.

Naglunsad sila ng mababangis na operasyong militar na nagresulta sa pagpaslang sa sibilyang si Efren Agsayang (Setyembre 8, 2003), sa iligal na pag-aresto at pagtorturyo kay Joseph Coop (Setyembre 28, 2003) at harasment sa mamamayan ng Ampontoc, Colalo noong Setyembre 2003 at sa mamamayan ng Posdo, Bulalacao noong Oktubre-Nobyembre 2003. Noong Agosto 17, 2005, tinortyur at sinalbeyds ng mga elemento ng 54th IB at pulis ang mga di armado at sugatang Pulang mandirigma na sina Antonio (Ka Leyap) Licawen at Brando (Ka Tub-on) Banasan sa Buguias, Benguet. Nilapastangan din ang

kanilang mga bangkay. AB



Mga armadong aksyon, patuloy sa Northeast Mindanao

Limang elemento ng kaaway ang napatay at lima ang nasugatan sa magkakahiwatalay na armadong aksyong inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at milisyang bayan sa Northeast Mindanao nitong unang hati ng Pebrero.

Tatlong sundalo ang napatay, kabilang ang isang upisyal at lima ang nasugatan sa dalawang opera-

syong harasment ng mga Pulang mandirigma mula sa Front 19 laban sa nag-ooperasyong mga elemento ng 58th IB sa Barangay Anahaw Daan, Tago, Surigao del Sur nitong Pebrero 8 at 15.

Isa pa ring sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa harasment ng 10th Platoon ng Front 21 noong Pebrero 15 laban sa mga elemento

ng 29th IB sa Sityo Sigamaw, Barangay Wawa, Bayugan, Agusan del Sur.

Bago ito, dalawang karbin ang nasamsam nang disarmanan ng mga myembro ng milisyang bayan at ilang taumbarya ang detatsment ng CAFGU sa loob ng PICOP noong Pebrero 14 sa Sityo Maputi, Doña Carmen, Hinatuan, Surigao del Sur. AB

Pambobomba sa mga sibilyan

Dalawang araw na walang pakundangang binomba ng Southern Luzon Command (SOLCOM) nitong Pebrero ang ilang komunidad ng Quezon bilang ganti sa mga armadong aksyon ng BHB sa lugar.


Ilang oras matapos magsagawa ng isayping ang BHB sa mga tropa ng 74th IB sa hangganan ng mga barangay ng Anonang, Burgos at Magsaysay sa Mulanay noong Pebrero 7, nagpadala ang SOLCOM ng mga *helicopter gunship* na walang habas na nangmasinggan sa naturang mga barangay at mga karatig nito.

Muling lumipad ang mga helikopter noong Pebrero 9 at maghapong binomba ang nasaibing mga komunidad matapos maengkwentro ng mga sundalo ang isang yunit ng BHB sa kalapit na baryo. Dahil dito, napilitang lumikas ang daandaaang magsasaka mula sa kani-lang mga baryo at sakahan.

Kasabay nito, hinuli at pinatay ng mga sundalo sina Romy Llobit at Frederick Adan, mga residente ng Barangay Burgos at San Narciso. Pito pang magsasaka ang hinuli, binugbog at hanggang ngayon ay nawawala pa at hinihinalang pinaslang na rin ng mga elemento ng SOLCOM.

Ang pangyayaring ito sa Quezon ay hindi unang pagkakataon na gumamit ng pambobomba ang AFP bilang tugon sa mga aksyon at presensya ng BHB.

Binomba ng Northern Luzon Command noong Enero ang



ilang barangay sa Tarlac matapos makatanggap ng importasyong mayroong isang yunit ng BHB sa lugar. Dahil dito, mahigit 10 sibilyan ang namatay at marami pa ang nasugatan. Upang pagtakpan ang kanilang mga krimen, kinordon ng AFP ang mga baryo at pinalabas na mga myembro ng BHB ang mga sibilyang napatay. Ipinagbawal ang paglabas sa mga komunidad at bumase sa bahay ng mga magsasaka ang mga sundalo.

Ang pambobomba sa mga sibilyan ay labag sa lahat ng mga alintuntunin sa digma at internasyunal na makataong batas. Sa kabila nito, bahagi na ng mga taktika ng AFP laban sa rebolusyonaryong kilusan na gawing target ng reaksyunaryong digma ang mga sibilyan. Isa ito sa kani-lang mga ginagamit na paraan sa desperadong pagtatangkang "limasin" ang suporta na tinatamasa ng armadong kilusan at pisikal na ihiwalay ang BHB sa mamamayan. **AB**

Remitans ng mga OCW Walang hatid na tunay na pag-unlad sa ekonomya

Sa nakaraang 30 taon, halos tanging sang napakalalaki at patuloy na lumalaking remitans ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat o *overseas contract workers* (OCW) ang pumipigil sa tuluyan nang pagguho ng bangkaroteng ekonomya ng Pilipinas. Ngunit sa likod ng mistulang lunas na naidudulot nito, wala itong naihahatid na tunay na pag-unlad sa bansa.

Pasok ng dolyar, interes ng bangkrap na rehimene. Ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), tumaas nang 25% tungong \$10.7 bilyon (₱567-588 bilyon) ang remitans ng mga OCW na dumaan sa mga bangko noong 2005. Higit kalahati na ito ng kabuuang badyet ng gubyerno sa taong iyon (₱907 bilyon). Ayon sa World Bank, katumbas ito ng 13.5% ng GDP ng bansa.

Papataas ang mga remitans sa Pilipinas nitong mga nakaraang taon—\$6.9 bilyon noong 2002, \$7.6 bilyon noong 2003, \$8.6 bilyon noong 2004 at \$10.7 bilyon noong 2005, batay lamang sa datos ng mga bangko. Ayon sa World Bank, kabilang ang Pilipinas sa limang bansang tumatanggap ng pinakamalaking remitans sa buong mundo. Kabilang dito ang ang India, China at Mexico. Kung ibibilang ang perang iniuwi ng mga OCW na hindi idinaan sa mga bangko, tinatayang umabot sa \$12.3 bilyon ang kabuuang remitans ng mga OCW noong 2005. Maaari pa itong umaabot nang hanggang \$14-21 bilyon bawat taon.

Ang mga remitans ay pumapasok sa bansa bilang dolyar at ang mas malaking bahagi nitong dumaraan sa mga bangko


""Remitans...," sundan sa pahina 9

(mga 80% nito) ay pinakikinabangan ng gubyerno sa pamamagitan ng pagpapalaki nito ng reserbang dolyar ng Pilipinas. Ang pagpapalaki ng reserbang dolyar mula sa mga remitans ay nagagamit ng bansa bilang pambayad sa mga iniimport na kalakal, pambayad sa mga utang, panggarantiya sa mga nagpapautang at pag-akit sa mga dayuhang mamumuhunan.

Bukod sa remitans ng mga OCW, tumatabo rin ng malaking halaga ang rehimens mula sa mga bayarin ng mga manggawawa bago sila umalis ng bansa. Noong 2004, umabot sa ₱14.4 bilyon ang kinita ng pamahalaan mula sa mga bayarin ng 933,588 manggawang nangibang-bansa. Sa ngayon, umaabot sa abereyds na ₱17,925 ang binabayaran ng bawat OCW bago siya tumungo sa ibang bansa, at wala pa rito ang bayarin sa *recruitment* at *manning agencies*. Bukod pa rito, naniningil ang mga bangko ng malaking *remittance fees* (bayad sa pagpapadala) na umaabot nang mininum na 5-13.5% ng kabuuang remitans.

Ang malaking pagtaas ng mga remitans ang pumipigil sa tuluy-tuloy na pagbulusok ng halaga ng piso sa kasalukuyan. Walang kahihiyang inaanakin naman ni Arroyo ang kredito rito at ipinagmamaya-bang pa nitong palatandaan ito na mahusay ang takbo ng ekonomya sa ilalim ng kanyang rehimens. Subalit ang lumalaking remitans mula sa labas ng bansa ay pansamantala at artipisyal na panakip lamang sa lubhang pag-kabangkarote ng kasalukuyang ekonomya at tuluy-tuloy na pagtindi ng krisis sa ilalim ng kasalukuyang rehimens at sistema.

Atrasado at bangkaroteng ekonomya. Ang pangingibang-bayan ng milyun-milyong mang-



gawang Pilipino para roon maghanapbuhay ay sintomas lamang ng malubhang sakit ng ekonyoma ng Pilipinas na kinatatampukan ng malawakang disemplyo at pagdausdos ng lokal na produksyon. Dulot ito ng walang pakundangang pandarambong ng mga imperyalista, kawalan ng tunay na industriyalisasyon at reforma sa lupa, lansakang korapsyon at iba pang kabulukan sa ilalim ng rehimeng Arroyo at ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas.

Batay sa pinaganda nang estadistika ng gubyerno, mahigit 25% ng pwersa sa paggawa ay walang trabaho o kulang sa makabubuhay na trabaho. Kung hindi sa pagtatrabaho sa labas ng bansa

ng mga OCW, doble pa sana ang bilang ng mga wala o kulang ang trabaho sa loob ng bansa at iba-yong mas matindi ang kumpetisyon para sa napakalimitadong kapasidad para sa empleyo.

Walang hatid na tunay na pag-unlad sa ekomya. Kung tutuusin, ang produktibidad at yamang nililikha ng mga OCW ay pinakikinabangan hindi ng lokal na ekomya, kundi ng ekomya ng mga bansang pinagtatrabuhuan nila.

Maging ang ipinadadalang mga remitans ng mga OCW ay walang idinudulot na makabuluhang pagpapaunlad sa ekono-

""Remitans...," sundan sa pahina 10



maya. Ang halagang ito ay hindi tuwirang nag-aambag sa lokal na produksyon.

Wala o halos walang tunay na pumapasok sa pamumuhunan sa industriya mula sa naturang mga remitans.

Ang kalakhan ng mga remitans ng mga OCW ay ginagamit sa kagyat na pangangailangan sa konsumo ng kanilang pinadadalhang mga kamag-anak. Pangunahan na sa mga ito ang pagkain, damit, upa sa bahay, pag-aaral, pagpapagamot at pambayad sa mga batayang serbisyo tulad ng kuryente, tubig at komunikasyon. Ang mga naiipong malaki-laking halaga ay ipinambibili ng mga kagamitang elektroniko tulad ng *videoke* at *cellphone* o di kaya'y ginagamit sa mga aktibidad na pang-aliw tulad ng pagkain sa mga restawran at panonood ng sine.

Sa kaduluduluan, malaking bahagi ng bilyun-bilyong ipinadadala ng mga OCW sa bansa ay nakukuha rin uli ng mga dayuhang korporasyong nagbebenta ng mga produktong pangkonsumo at mga serbisyo at bumabalik sa mga industriyalisadong bansa.

Ang maliit na bahaging nailalaan sa mistulang pamumuhunan sa pagtatayo o pagpapaganda ng bahay, pag-oopereyt ng pamasadang tray-sikel o dyipni o kaya pagtatayo ng maliit na tindahan at mga katulad nito ay hindi rin tunay na pamumuhunan sa produksyon, kundi bahagi pa rin ng ekonomyang pangkonsumo. Ang mga ito ay hindi pa rin nakapaghahatid ng tunay na pag-unlad sa pambansang industriya at ekonomya. AB

Anti-imperialismo sa Venezuela

Sa nagdaang halos isang dekada, puspusang isinusulong sa bansang Venezuela, isang bansa sa Latin America, ang mga makabuluhang pagbabago sa pulitika, ekonomya at lipunan sa pamumuno ng anti-imperialistang pamahalaan ni Hugo Chavez. Ang mga pagbabagong ito ay naghahatid sa mamamayan ng Venezuela ng mga kongkretong pakinabang sa anyo ng mas mahusay na mga serbisyo ng panlipunan at mas masiglang demokrasyang bayan.

Anti-imperialismo ang susi sa mga pagbabago sa Venezuela.

Ang mga pagsulong na natatamo ng mamamayan ng Venezuela ay kongkretong bunga ng militanteng anti-imperialistang paninindigan at mga patakaran ng gubyernong Chavez. Nahalal ang gubyernong ito noong 1998 sa pangakong babaligtarin ang dominasyon at pandarambong ng US at ang tagibang na distribusyon ng yaman ng bansa na ilandaang taong nagpahirap sa nakararaming mamamayang Venezuelan.


Tinama sa ni Chavez ang popular na suporta dahil sa mapagsaya niyang mga hakbang para isakatuparan ang pagsusulong ng mga revolucionaryong pagbabagong anti-imperialista at antipyudal sa Venezuela. Sa pamamagitan ng mga masaklaw na pagbabagong nagtata-guyod sa pambansang kalyaan laban sa imperialismo, ang malaking rekursong dating dinadambong ng mga imperialista ang ngayo'y tuwirang ginagamit at pinakikinabangan ng mamama-

yan sa anyo ng mga serbisyo ng panlipunan, pamumuhunan sa industriya at iba pang larangan ng produksyon.

Kabilang sa pinakamatingkad na mga pagbabagong ipinatupad ni Chavez ang lubos na pagpapailalim sa kontrol ng estado ng Petroleos de Venezuela SA (PDVSA), ang pinakamalaking kumpanya ng langis sa Venezuela. Ipinagnggingitngit ito ng US at ng mga naghaharing uri sa bansa. Ang Venezuela ang ikasiyam na pinakamalaking prodyuser ng langis sa buong mundo at ikaapat na pinakamalaking eksporter ng langis sa US. Dito nagmumula ang 70% ng kita ng bansa.

Nag-ibayo pa ang galit nila kay

""Venezuela...," sundan sa pahina 11



Chavez dahil balak niyang palawakin ang kontrol ng gubyerno sa industriya ng langis sa pamamagitan ng pag-oobliga sa mga pribadong operasyon ng langis na pumasok sa mga sosyohanang kontrolado ng gubyerno. Kabilang sa mga masasagasaan ng programa ang mga imberyalistang kumpanyang Chevron at British Petroleum PLC. Itinakda ng gubyerno ang huling araw ng 2005 bilang dedlayn sa pagpasok sa sosyohan at ang hindi tatalima rito ay sasamsamin ng gubyerno.

Kasabay nito, isinabansa rin ng gubyernong Chavez ang produksyon ng aluminum at ipinatigil ang pribatisasyon ng mga industriya. Nag-anunsyo din si Chavez ng planong pagrepaso at posibleng pagpapawalambisa sa mga pribadong konsesyon sa pagmimina sa bansa upang bigyang-daan ang pagtatayo ng isang pambansang kumpanya sa pagmimina. Ang mga hakbanging ito ay tuwirang salungat sa mga dikta ng US at ng mga imberyalistang institusyon tulad ng World Bank.

Lahat ng mga hakbanging ito ay nasa balangkas ng Plan Bolivar 2000, isang patriyotikong programa laban sa karalitaan.

Lupa at pagkain. Ipinatupad ni Chavez noong 2001 ang pinakamasaklaw na reforma sa lupa sa kasaysayan ng Venezuela. Isinabatas ng kanyang gubyerno ang paglilimita sa laki ng maaaring angkining lupa, pagbubuwis sa mga nakatiwangwang na lupa, pamamahagi ng mga lupain sa mga nagsasaka nito at pagsasabansa sa malalaking tipak ng pribadong

lupain ng malalaking pamilya at kumpanya.

Sa simula, naging mabagal ang pagpapatupad ng reforma dahil sa pagtutol ng mga panginoong maylupa.

Ngunit hindi nito napaatras ang gubyerno ni Chavez. Makaraan ang tatlong taon, natibag na sa kalakhan ang monopolyo sa lupa at kapangyarihan ng mga dating naghaharing pyudal sa kanayunan ng Venezuela. Nanawagan ang gubyerno ni Chavez noong nakaraang taon ng pagpapabilis ng pagpapatupad ng programa sa reforma, laluna sa pamamahagi ng mga pribadong asyenda. Kasabay nito, inianunsyo ni Chavez ang pagkumpiska ng 8,490 ektaryang Rancho Marquesena upang gawin itong kooperatibang sakahan ng estado. Limandaang libong (500,000) ektarya ng lupaing agrikultural ang target na isabansa sa ilalim ng programa.

Bukod sa mga lupain, pinasimulan din ni Chavez ang programa para sa pagsasabansa ng mga pabrika ng pagkain. Noong Setyembre rin, kinumpiska ng gubyerno ang isang plantang pag-aari ng Alimentos Polar—ang nangungunang pribadong kumpanya ng pagkain sa bansa. Nauna rito ay sinamsam din ng gubyerno ang isang planta sa pagpoproseso ng kamatis ng Amerikanong kumppanyang H. J. Heinz.

Serbisyong panlipunan. Bukod sa malaking rekursong estado na nagmumula sa pagkontrol nito ng industriya ng langis, nagpasa ang parlamento ng Venezuela ng batas na nagpahintulot kay Chavez na humugot sa \$32.6 bilyong reserbang dolyar ng bansa para sa mga serbisyong panlipunan.

Mula 1999, nagorganisa ang gubyernong Chavez ng mga programa para

maghavid ng serbisyo sa pinakamahirap na komunidad. Pangunahan sa mga ito ang mga misyong medikal at pang-edukasyon. Ang mga misyong medikal ay karaniwang isinasagawa ng tim ng mga doktor na padala ng Cuba kapalit ng suplay na langis. Bukod sa libreng panggagamot ng gubyerno sa lahat ng nangangailangan, tinutulungan din ng mga doktor ang mamamayan na mag-organisa para sa kanilang mga pangangailangang pangkalusugan.

Ang mga programang pang-edukasyon naman ay ipinatutupad pangunahan na sa pamamagitan ng libreng edukasyon para sa lahat hanggang sa mga kolehiyo at unibersidad. Malawakang pinakikilos din ang mga pangkat na sinanay ng gubyerno para magpalaganap ng literasiya at magpatupad ng mga programa upang mapag-alaral ang lahat ng iba pang mamamayang hindi nakapag-eskwela, matanda man o bata na.

Bukod sa mga ito, may mga programa rin para sa reforma sa lupa, pagsasanay sa trabaho at iba pa na pawang direktang pinopondoohan at ginagabayang tanggapan ng presidente.

Sa pamamagitan ng mga ito, naihatid ng gubyerno sa mamayan ang mga serbisyong mahabang panahong ipinagkait sa kanila. Sa loob ng pitong taong panunungkulan ni Chavez, 1.4 milyon ang natutong magsulat at magbasa at tatlong milyong mahihirap ang nakapasok sa mga paaralan. Pitumpung porsyento (70%) ng populasyong 25 milyon ang tumatanggap ngayon ng libreng serbisyong pangkalusugan. Apatnapu't limang porsyento (45%) naman ang tumatanggap ng subsidyong pagkain sa pamamagitan ng mga kooperatiba at mga espesyal na programa sa pagkain.

"Venezuela...," sundan sa pahina 12

Kilusang kooperatiba. Mayor na bahagi rin ng programa ni Chavez ang kilusang kooperatiba sa hanay ng mga manggagawa. Sa pamamagitan ng Ministerio Para La Economia Popular (Minep), sinasanay ng gubyerno ang mga manggagawa bilang mga katuwang na tagapangasiwa sa mga empresang tulad sa PDVSA. Sinasanay at pinopondohan din ang mga ordinaryong Venezuelan sa pagpapatakbo ng mga kooperatibang manggagagawa. Marami sa naturang mga kooperatiba ay maliliit na negosyong binubuo ng hanggang 10 katao.

Sa loob ng isang taon, humigit-kumulang 3,000 kooperatibang manggagawa ang agad na naitayo. Nitong katapusan ng 2005, mahigit 45,000 nang kooperatiba ang naitatag sa buong bansa at mahigit 700,000 katao na ang nabigyan ng pagsasanay sa pagtatayo at pagpapatakbo ng kooperatibang manggagawa.

Demokrasyang pangmasa. Isinasakatuparan din sa ilalim ng gubyernong Chavez ang mahahalagang pagbabago sa sistemang pulitikal upang bigyang-daan ang pagpapayabong ng demokrasya. Pangunahan dito ang pagsuporta ng gubyerno sa pag-oorganisa ng mga tinatawag na “Bolivarian circle”, mga samahang nakabase sa mga pamayanhan. Umabot sa mahigit dalawang milyon ang kasapi ng mga samahang ito noong 2003. Isinasabalikat nito ang mga gawain mula sa pagpapaganda ng mga komunidad, pagsuporta sa mga negosyo at pagpapasigla ng aktibismong pampolitika ng mamamayan. Kumilos ang mga samahang ito sa paglaban sa kudeta noong 2002 na nagtangkang magpatalisik kay Chavez.

Pinangunahan din ng gubyernong Chavez ang pagbubuo, pagsasanay at pag-aarmas ng mga milisya sa hanay ng masang Venezuelan. Ang kagytan na programa ng “Mission Miranda” ay ang pagbubuo ng malawak na hukbo ng mamayan at reserbang militar. Isa’t kalahating milyong armadong milisya ang sasanayin ng Venezuela bilang bahagi ng paghahanda para sa pagtatanggol ng bansa sa sarili. Nag-angkat ang Venezuela noong isang taon ng panimulang 100,000 ripleng AK-47, mga pandigmang helikopter mula sa Russia at mga eroplano at barkong militar mula sa Brazil at Spain.

MAGTATAPOS ngayong taon ang pangalawang termino ni Hugo Chavez bilang pangulo. Sa darating na Nobyembre, muli siyang haharap sa mga botanteng Venezuelan upang humiling ng panibagong basbas bilang presidente. Hangga’t patuloy siyang tumutupad sa kanyang mga pangakong pagbabagong panlipunan, hindi malayong matupad rin ang aniya’y intensyon niyang manungkulan hanggang 2021. AB

Sino si Hugo Chavez?

Si Hugo Rafael Chavez Frias ang ika-53 at ka-salukuyang presidente ng Venezuela. Sa edad na 17, pumasok si Chavez sa Venezuela Academy of Military Sciences kung saan siya nagtapos bilang *sub-lieutenant*.

Maliban sa kanyang buhay militar, makulay din ang rebolusyonaryong karanasan ni Chavez. Noong nasa militar pa siya, naimpluwensyahan siya ng kapatid niyang si Adan na myembro noong ng Party of the Venezuelan Revolution (PRV) na noo'y anti-imperialista at antipyudal. Aktibong lumahok si Chavez sa lihim na pagkilos ng PRV sa hanay ng mga pwersang militar.

Pagkatapos ng ilang buwan sa serbisyong militar, nagpursigeng mag-aryl si Chavez ng kursong *political science* sa Simon Bolivar University sa Caracas (kabisera ng bansa). Dito'y pinayabong niya at ng naorganisa niyang mga estudyante ang patriyotiko at rebolusyonaryong adhikaing “Bolivarian.” Gabay sa kanilang mga pag-aaral ang pilosopiya ni Simon Bolivar, ang patriyotikong rebolusyonaryong lider ng Venezuela noong ika-19 siglo.

Pagkatapos ng pag-aaral ni Chavez, 17 taon siyang nagsilbi sa serbisyong militar. Kabilang sa mga serbisyo militar niya ang pagtuturo sa Military Academy of Venezuela, kung saan siya unang nakilala bilang radikal na kritiko ng gubyerno at ng sistemang panlipunan sa Venezuela. Sa panahong ito niya itinatag ang Revolutionary Bolivarian Movement (“MBR-200”). Mula rito ay nakilala na siya bilang isa sa mga pangunahing progresibong lider sa pulitika sa Venezuela at naging popular sa nakararaming masang anakpawis.

Pinamunuan ni Chavez ang isang nabigong kudetang sibilyan-militar noong Pebrero 2, 1992 laban sa papet, tiwali at pasistang rehimeng ni Carlos Andres Perez. Ikinulong siya ngunit nakalaya matapos mapatalisik si Perez. Noong 1998, nahalal siya bilang pangulo dala ang adhikaing Bolivarian bilang plataporma. Muling siyang nahalal bilang presidente noong 2000.

Tuluy-tuloy na sinulsulan ng gubyernong US ang mga galamay nito sa hanay ng mga komprador at panginoong maylupa, pero patuloy ding binibigo ni Chavez ang mga pagtatangka nilang ibagsak siya sa pamamagitan man ng kudeta, pagkilos sa lansangan at maging sa *recall referendum* noong 2004. AB

Tiangge ng shabu sa Pasig City

ISANG "tiangge" ng shabu ang nireyd ng pulisya noong Pebrero 10 sa Pasig City, mga 250 metro lamang ang layo mula sa istasyon ng PNP at ng *city hall*. Umabot sa halos 400 katao ang hinuli sa reyd, kabilang ang may 50 nagtitinda nito. Ilan sa mga nahuling gumagamit ay mga menor de edad.

Dahil sa lapit ng naturang palengke ng iligal na droga sa upisina ng alkalde at sa istasyon ng pulis, di iilan ang nag-isip na sa minimum ay protektor ni-to si Pasig City Mayor Vicente Eusebio at ang pulisya ng syudad.

Ilang araw lamang matapos ang reyd, pinangunahan ni Eusebio ang demolisyon sa lugar, bagay na ikinadismaya ng mga imbestigador ng kaso. Dahil sa demolisyon ng "tiangge", maraming mahahalagang ebidensya ang nawala.

Sa anu't anuman, indikasyon ang pagkakatuklas sa "tiangge" ng shabu kung gaano na katalamak ang salot ng iligal na droga sa bansa at kung gaano kalamim ang pagkakasangkot dito mismo ng mga upisyal ng gubyerno at mga tagapagpatupad umano ng batas. Walang pag-asang mapawi ang pagtutulak at paggamit ng iligal na droga sa bansa nang walang rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan dahil ang pagkatalamak ng ipinagbabawal na gamot ay nakaugat sa kabulukan ng reaksyunaryong gubyerno at sistema.

Ambus sa Nepal at India

TINAMBANGAN ng mga mandirigma ng People's Liberation Army ng Communist Party of Nepal-Maoist ang mga tropang panseguridad ni Haring Gyanendra ng Nepal noong Pebrero 9 sa Nawalparasi, isang distrito sa timog-kanlurang bahagi ng bansa. Dalawang sundalo ang napatay at nasugatan ang mahigit 20. Maliban dito, may di bababa sa 10 sundalo ang nabihag ng mga gerilya.

Nangyari ang mga sagupaan isang araw matapos ang nilangaw na eleksyong munisipal na ipinatawag ni Haring Gyanendra. Umabot lamang sa 8% ng mga botante ang aktwal na bumoto habang 600 na kandidato lamang ang tumakbo para sa 4,000 pusingon sa lokal na gubyerno.

Samantala, walo ang napatay na elemento ng Central Industrial Security Force nang salakayin ng mga gerilya People's War Group ang isang imbakan ng gubyerno ng mga eksplosibo nitong Pebrero 10 sa Chhattisgarh, India. Siyam na pwersang panseguridad ang nasugatan.

80,000 manggagawa sa Germany, mawawalan ng trabaho

AABOT sa 80,000 manggagawa sa Germany ang mawawalan ng trabaho sa mga darating na taon sa harap malawakang tanggalan sa trabaho sa malalaking korporasyon.

Nakatakdang patalsikin sa trabaho ang 32,000 manggagawa ng Deutsche Telekom, isang kumpanyang pag-aari ng estado at may monopolyo sa telekomunikasyon sa Germany. Sa nakaraang isang dekada ng isinasagawa nitong "restructuring," aabot na sa 100,000 manggagawa nito ang pinatalsik sa trabaho.

Inianunsyo naman ng Volkswagen nitong Pebrero na 20,000 manggagawa o 6% ng kabuuang pwersa ni-to sa Germany ang tatanggalin sa susunod na tatlong taon. Ang Volkswagen ay isa sa pinakamalalaking kumpanyang gumagawa ng mga sasakyen sa buong mundo.

Samantala, nakatakda patalsikin sa trabaho ang 11,500 manggagawa ng DaimlerChrysler (gumagawa ng kotse) at 8,000 manggagawa ng Siemens (gumagawa ng gamit elektroniko). Aabot naman sa 5,700 manggagawa ng Karstadt-Quelle (pinakamalaking *department store* sa Europe) ang mawawalan ng hanapbhay hangang 2,400 ang masisipa mula sa HypoVereinsbank.

Ang napipintong malawakang tanggalan ay tiyak na maglulubog pang lalo sa ekonomya ng Germany sa kinasasdlanan nitong krisis. Noong Enero, umabot na sa 12.1% ang tantos ng disemployo sa bansa. Mahigit limang milyong manggagawang German na ang walang trabaho—pinakamataas sa kasaysayan ng bansa mula 1933.

Lumalaki ang *trade deficit* ng US

UMABOT sa \$725.8 bilyon ang depisit sa kalakalan ng US noong 2005. Mas mataas ito nang 17.5% kumpara sa \$617.6 bilyong depisit noong 2004, ayon sa US Commerce Department.

Nagtala ng malaking depisit ang US noong 2005 bunsod ng papataas na importasyon ng langis, pagkain, sasakyen at iba pang produktong pangkonsumo. Mala-king tipak ng depisito ng US ay nagsula sa \$201.6 bilyong depisito nito sa kalakalan sa China.

Ang papalaking depisito ng US sa nakaraang apat na taon ay ibinunsod ng paglipat ng mga kumpanyang US ng produksyon nito sa labas ng bansa, pangunahin na sa China, kung saan napakababa ng pasahod sa mga manggagawa. Dahil dito, mahigit tatlong milyong trabaho na sa manupaktura ang nawala mula kalagitnaan ng 2000.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 4

Pebrero 21, 2006

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Panghawakan ang mga aral ng EDSA 1 at 2

Ginugunita ngayong Pebrero 20 ang ika-20 anibersaryo ng unang pag-aalsa sa EDSA—ang pag-aalsang nagwakas sa mahigit dalawang dekadang paghahari ng pasistang diktador na si Ferdinand Marcos at tumapos sa 14 na taon ng batas militar. Ito ang pag-aalsang hantungan ng mahigit isang dekadang pakikibaka at sakripisyo, ng masikhay na pagmumulat at pag-oorganisa at pag-bubuo ng malawak na nag-kakai-


sang prente laban sa papet at pasistang diktadura.

Nakatala na sa kasaysayan ng Pilipinas ang kahalagahan ng EDSA 1. Ang diwa nito ng tapang, militansa at sama-samang paglaban ay palagian nang tangan ng mamayang Pilipino bilang sandata sa pagharap nila sa mga rehimeng yumuyurak sa kanilang interes at kapakanan. Ang diwa ring ito ang nasa likod ng EDSA 2, at siya ring nasa likod ng kasalukuyang pag-sisikap ng mamayahan na wakasan ang kinamumuhian nilang rehimeng Arroyo.

Kaya naman pilit na minamalit ng rehimeng Arroyo ang paggunita sa ika-20 anibersaryo ng EDSA 1. Isang pakitang-taong seryonya lamang ang plano nitong idaos. Atubili itong binalak ng Malakanyang matapos

batikusin ng marami ang kawalan nito ng anumang planong gunitain ang anibersaryo ng EDSA 1.

Hindi na ito dapat pagtakhan. Bangungot ni Gloria Arroyo ang nagbabadyang muling pagdaluong ng milyong mamayahan sa lansangan sa isang malakihang pagkilos na magwawakas sa bulok, papet at brutal niyang paghahari. Kaya pilit niyang binubura sa isip ng mamayahan ang diwa at kabuluhan ng EDSA 1, maging ng EDSA 2 na kanyang napakinabangan. Sa tangkang tabunan ang mga aral kapwa ng EDSA 1



Mga tampok sa isyung ito...

Panibagong sikad ng lumalawak na kilusang talsik

PAHINA 3

40 armas nasamsam ng BHB

PAHINA 7

Anti-imperialismo sa Venezuela

PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com